

Pagsusuri sa daigdig ng twitter: Isyung politikal na nakapaloob sa mga memes

Asis, Jona D. ✉

Leyte Normal University, Philippines (asisjona659@gmail.com)

Cuayzon, Jobert B.

Leyte Normal University, Philippines (jobertcuayzon@gmail.com)

Mabini, Princess

Leyte Normal University, Philippines (mabiniprincess12@gmail.com)

Prongo, Stephen

Leyte Normal University, Philippines (prongotpain@gmail.com)

Acala, Michell T.

Leyte Normal University, Philippines (michellet_acala@lnu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 1 August 2022

Revised: 5 September 2022

Accepted: 4 October 2022

Available Online: 20 October 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b034

Abstract

Many people use different social media platforms such as twitter to express their views on political issues. This study was developed with the aim of identifying the elements of political memes on twitter based on form and type and to know the issues reflected in twitter memes. The theoretical basis were Information Manipulation Theory and Functional Group Communication Theory. This is a qualitative study which employed content analysis design. The researchers collected trending political twitter memes based on the identified time frame under the study. It emerged that the forms of political twitter memes are comic meme, entertainment function meme and parody memes and the types consist support and criticism. In addition, based on the collected political twitter memes the issues regarding human behavior, diversity of political views, discrimination and person's ability to lead were identified. Therefore, the researchers recommend to conduct further study on twitter in relation to other elements found in internet memes and explore other related variables on twitter memes other than political issues.

Keywords: Twitter, political issue, comic meme, entertainment function meme, parody meme

Pagsusuri sa daigdig ng twitter: Isyung politikal na nakapaloob sa mga memes

1. Introduksiyon

Ang Twitter ay isang sikat na *Social Media Platform* kagaya ng *Facebook*, kalimitang ginagamit ito ng mga tao upang makapagbigay mensahe sa kanilang pamilya, kakilala at kaibigan dito sa Pilipinas o maging sa ibang bansa. Sa Twitter ay maaaring ipabatid ang iyong nararamdaman sa pamamagitan ng pag-*tweet* o pag-*post*. Isa ang Twitter sa mga *Social Media Platform* na ginagamit ng mga tao sa pagpapahayag ng kani-kanilang hinanaing halimbawa na rito ang politikal na pananaw. Ginagamit ng mga tao ang twitter dahil malaya itong tinatanggap ang mga salita o aksyon na ginagamit sa pagpost hindi kagaya sa ibang *social media platform* katulad ng Facebook, Instagram, at YouTube na tinatanggal o narereport ang mga post na may hindi kaaya-ayang nilalaman. Nabanggit sa Help Center ng twitter na:

“Ang mga tao ay pinapayagan na mag-post ng kahit anong paksa kabilang na ang mga paksang nakakasira sa pagkatao, karahasan, sexual at iba pang mga paksa.”

Madali rin ditong malaman kung ano ang trending o ang mga patok na memes gamit ang *Hashtag* (#). Binanggit ni Hamdi (2020), na ang *Hashtag* ay ang susi sa Twitter upang malaman at hanapin ang mga patok o trending sa mundo ng twitter o ang mga post ng ibang tao sa buong Pilipinas o maging sa buong mundo. Ang *Hashtag* ay nakatutulong sa mga taong naghahanap ng impormasyon sa Twitter. Isa ito sa natatanging katangian ng twitter na wala sa ibang *social media sites*. Ngayong nalalapit na ang eleksiyon marami na ang makikitang post sa iba’t ibang *p* katulad ng twitter na nagpapahiwatig ng kanilang politikal na pananaw sa pamamagitan ng ibinabahaging nilang twitter memes upang suportahan o di kaya batikusin ang isang taong tumatakbo para sa halalan.

Ayon kay Milosavljević (2020), ang paggamit ng *memes* sa politika ay maaring tingnan mula sa dalawang pananaw. Sa isang banda, ang paraan ng pamamahayag na ito ay ginagamit, katulad ng tradisyunal na advertising, para sa kapakanan ng pagtataguyod ng mga pampulitikang figyur o ideya. Sa kabilang banda, may mga makabuluhang bilang ng memes na nilikha ng mga gumagamit ng internet na nakakatawa o kritikal na nagpapahayag ng kanilang mga saloobin sa mga pampulitikang penomena, ideya at figyur.

Ang bawat isa ay may kanya-kanyang pananaw sa bawat bagay, halimbawa na ngayong papalapit na ang halalan. May pagkakataon na ang magkakaibigan at pamilya ay nagbabangayan dahil sa magkaiba ang kanilang polikal na pananaw. Nabanggit ni Arao (2016) na:

“Ang madadamdaming bangayan ng magkakaibigan ay bunga ng kolektibong pagnanais ng pagbabago ng bansa sapagkat ang mga Pilipino ay nagnanais ng maayos na pamamahala na makatutulong sa pagbabago. Kahit ano ang idolohikal o politikal na paniniwala kahit hindi pa rehestrado ay alam ang mga problema na nagaganap sa ating lipunan.”

Marami ang kumakalat na impormasyon sa halos lahat ng *Social Media Platform* kagaya ng Twitter patungkol sa politika, ngunit minsan ang mga ito ay walang katotohanan o tinatawag na *Fake News*. Ayon kay Pedroche (2018), nang dahil sa makabagong panahon sumulpot ang teknolohiya at magmula nang sumulpot ang internet at social midya umusbong din ang tinatawag na *fake news* o ang mga balitang hindi totoo o walang katotohanan na mga namamayagpag sa sosyal midya platform. Ito ang nangungunang kalaban ng katotohanan na siyang nakakasira o nakakapinsala sa moralidad ng mga taong gumagamit ng ganitong plataporma. Nakakasira ito dahil ito ay nagdudulot ng galit, poot, at pag-aalitan ng mga mamayan, personal man o may kinalaman sa politika.

Nang dahil sa paglaganap ng politika sa *social media* nagagawa nitong manipulahin ang isip ng tao na

baguhin ang pananaw patungkol sa politika. Madali lang gumawa ng impormasyon na maaring umabot sa mga tao. Ayon sa Oxford Internet Institute na binanggit sa artikulo ni Lomas (2019), nakita na ang pag mamaniplula na nangyayari sa sosyal midya ay lumala na. Ginagamit ng mga politiko ang sosyal midya sa pag mamaniplula sa opinyon at pananaw ng publiko. Maaari itong maging paraan ng politiko sa pag manipula ng boto ng tao at sa bandang huli'y magsisisi ang tao dahil taliwas pala sa pinakita ng politiko ang mga sinabi niya sa sosyal midya.

Sa *social media* marami ang makikitang post na maaring makatulong sa mga tao upang magkaaroon ng ideya patungkol sa politika dahil marami ang nagbabahagi ng iba't ibang impormasyon na konektado sa politika sa pamamagitan ng mga memes. Katulad sa pag-aaral ni Milosavljević (2020), naging pangunahing layunin nila ang matukoy ang 50 pinaka popular na memes sa bawat araw. Sa kabilang banda hindi lahat ng mga tao ay magkapareho ang pananaw sa politika, hindi maiwasan na may kumontra sa isang pananaw ang pag-aaral nina Ching et al. (2021), na naglalayong malaman kung ano ang mga salik na sanhi ng pagkaiba ng mga miyembro ng pamilya sa politikal na pananaw. Makikita sa *social media* ang iba't ibang politikal na pananaw na maaring maka-impluwensya sa political na pananaw ng mga tao sa pag-aaral nina Ahmad et al. (2019), naging pokus ng pag-aaral nila ang impluwensiya ng sosyal midya sa mga mag-aaral sa kanilang politikal na pananaw.

Ang mga naunang pag-aaral ay tungkol sa mga popular na memes kung saan naglalayon ding malaman ang sanhi ng pagkakaiba ng mga miyembro ng pamilya sa politikal na pananaw, at ang impluwensiya ng sosyal midya sa mga mag-aaral sa kanilang politikal na pananaw. Samantala, ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagsusuri sa iba't ibang twitter memes tungkol sa mga isyung politikal sa Pilipinas at matukoy ang elemento ng mga political memes sa twitter batay sa anyo at uri nito.

Layunin - Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy at masuri ang iba't ibang memes sa twitter tungkol sa mga isyung politikal. Magsisilbing tiyak na layunin ang sumusunod: 1) Ano ang elemento ng mga politikal memes sa twitter batay sa anyo at uri; 2) Ano ang mga isyung politikal na nakapaloob sa mga memes sa twitter?

Saligang Teoretikal - Ang sumusunod ay mga teoryang ginamit ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito:

Inormation Manipulation Theory. Ang mga mapanlinlang na mensahe ay gumagana dahil sila ay lihim na lumalabag sa mga prinsipyong namamahala sa pamamagitan ng pagpapalit ng usapan. Dahil ang mga nakikipag-ugnayan sa pakikipag-usap ay nagtataglay ng mga pagpapalagay hinggil sa dami, kalidad, paraan, at kaugnayan ng impormasyong dapat iharap pomaari itong gawin ng mga tagapagsalita na pagsamantalahan ang anumang nakasulat o lahat ng mga pagpapalagay na ito sa pamamagitan ng pagmamaniplula sa impormasyong taglay nila upang iligaw ang mga tagapakinig o tagapagbasa. (McCornach, 1992) Dagdag pa sa pag-aaral nina Vilamer et al. (2018), ang pagmamaniplula ng impormasyon ay hindi isang bagong kababalaghan. Ang atensyon na ito ay kamakailang naakit ay nakatali sa isang kumbinasyon ng dalawang mga kadahilanan: sa isang banda, ang hindi pa nagagawang kapasidad ng internet at mga *social network* upang mabilis, kahit na 'virally,' kumalat ng impormasyon; sa kabilang banda, ang krisis ng kumpiyansa na nararanasan ng ating mga demokrasya, na nagpapababa ng halaga pampublikong talumpati at umabot pa sa relativize ang mismong paniwala ng katotohanan.

Ang kaugnayan nito sa pag aaral ay nagpapakita na ang mga memes sa social media kagaya ng twitter ay nagbibigay ng iba't ibang pananaw ukol sa pangatwiran, paniniwala at suporta tungkol sa pansariling politikal na isyu. Sanhi ng mga nakikitang larawan ay na babago ang mga desisyon ng indibidwal patungkol sa mga pampolitikang bagay o usapin.

Functional Group Communication Theory. Ito ay magkakaugnay na hanay ng mga proposisyon, pagpapalagay, at pag-aangkin na nagtatangkang ipaliwanag kung paano at bakit nauugnay ang komunikasyon sa kalidad ng mga desisyong ginagawa ng mga grupo. Ang parehong mga termino o simbolo ay maaaring nakakalito, walang kahulugan o kahit na hindi katanggap-tanggap sa ibang grupo. Sa isang grupo lalo na sa *social media* ay may iba't ibang pananaw sa lipunan, tradisyon, paniniwala at kung ano ang pagkakaiba. Sa pamamagitan ng *social media* ay na aapektuhan o nakaka apekto ang ano mang ideya na iyong ibinabahagi sa

online platform (Salazar, 2009).

Ang teoryang ito ay ma-i-uugnay sa pag-aaral, bilang ang mga *social media users* na kabilang sa iba't ibang grupo tulad na lamang ng twitter, ito ay tumatalakay sa iba't ibang usapin, opinion, pananaw at teorya ng mga taong kabilang sa grupo o kumunidad sa *social media* ay makakatulong o makakaapekto sa desisyong gagawin ng isang *social media user* pa tungkol sa mga isyung kinabibilangan o kinakaharap.

Saklaw at limitasyon - Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa mga twitter memes tungkol sa mga isyung politikal. Nililimitahan ang pag-aaral na ito sa pagtukoy sa iba't ibang uri ng internet memes na makikita sa twitter, ang paksa ay tungkol sa mga isyung politikal, at ang memes ay *trending* o pinakapopular sa isang araw mula Pebrero 8, 2022 hanggang Mayo 7, 2022. Napili ng mga mananaliksik ang buwan at araw na ito dahil ayon kay Patinio (2021), nakasaad sa Comelec Resolution 10695 magsisimula ang pangangampanya ng mga tumatakbo sa pagka-Presidente, Bise-Presidente, Senador at mga Party List Group sa ika-walo ng Pebrero at matatapos sa ika-pito ng Mayo. Ang mga mananaliksik ay kumuha ng mga pumatok na politikal twitter memes bawat araw mula ika-walo ng Pebrero hanggang ika-pito ng Mayo. Sa kabuuan nakakuha ng limampo't siyam (59) ang mga mananaliksik na konektado sa paksang politikal na pumatok sa twitter at sinuri ang mga ito. Nililimitahan ng mananaliksik ang pagkuha ng mga internet memes sa loob lamang ng Twitter. Ang mga *trending* memes lamang sa loob ng Pilipinas ang kinuha at sinuri.

2. Metodolohiya

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik kabilang ang disenyo ng pag-aaral, kalahok ng pag-aaral, paraan ng pangangalap ng datos at ang pagpapakahulugan sa mga datos.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng content analysis. Ang Content Analysis ay ang pagsusuri sa nilalaman ay kapaki-pakinabang sa pagsusuri ng isang hanay ng mga *virtual* o pandiwang materyales. Sa mundo ng akademiko at negosyo, ang pamamaraan ay inilapat sa midya analysis, advertising at pananaliksik sa komunikasyon. Sa mga paaralan, ginagamit ng pagsusuri ng nilalaman upang pag-aralan ang iisang dokumentong eksperto ng mga gawa, larawan at mga ilustrasyon. Ito ay kapaki-pakinabang din kapag ang isa ay naghahambing ng dalawa o higit pang mga mapagkukunan para sa isang paksa. Maraming makasaysayang dokumento ang maaring masuri sa pamamaraang ito halimbawa ang aking pagsusuri (Gustafson, 1984). Ang disenyo at pamamaraan na ito ay naangkop sa pag-aaral na isinagawa dahil ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman o masuri ang iba't ibang memes sa twitter tungkol sa mga isyung politikal

Paraan ng pangangalap ng datos - Sa isinagawang pangangalap ng datos, ang sumusunod ay ang mga naging hakbang ng mga mananaliksik.

Una, ang pagpili at pagtatala ng mga twitter post. Pinili ng mga mananaliksik ang mga pumatok na politikal internet memes sa twitter at itinala ang lahat ng mga pumatok na politikal internet memes sa twitter mula Pebrero 8 hanggang Mayo 7, 2022.

Pangalawa, pagsusuri sa mga twitter memes gamit ang *Thematic Analysis* at *Content Analysis*. Matapos piliin at itala ang mga meme, sinuri ng mga mananaliksik ang mga nakalap na pumatok na politikal *internet memes* sa twitter gamit ang *Thematic Analysis* at pinangkat ang mga memes ayon sa anyo at uri nito. Sinundan naman ito ng pagsusuri gamit ang *Content Analysis* upang matukoy ang mga nilalaman na anyo at uri ng bawat internet memes ng mga nakapangkat na memes batay sa tema ng bawat isa.

Pangatlo, ang pagpapakahulugan. Ipinangkat at sinuri ang mga nakalap na politikal *internet memes* sa twitter at binigyan ng pagpapakahulugan ng mga mananaliksik ang mga politikal internet memes.

Instrumento ng Pag-aaral - Ang magsisilbing instrumento ng pag-aaral na ito ay mga twitter memes tungkol sa mga isyung politikal dahil ang twitter ay walang limitasyon at hinahayaang maipahiwatig ng mga gumagamit

ang kanilang mga hinanaing o nararamdaman hindi katulad sa ibang *social media platform* na may limitasyon at pinipili ang paksang dapat pagusapan. Ang mga twitter memes na na kinalap ay pinili batay sa mga sumusunod na krayterya.

- Ang memes ay makikita sa twitter
- Ang memes ay tungkol sa politika
- Nagtrending o pumatok sa araw ng ika-8 ng Pebrero hanggang Mayo 7, 2022.

Pagbibigay – Interpretasyon ng mga datos - Sa inilathala nina Bloor at Wood (2006), sa artikulo nina Vaismoradi at Turunen (2013), ang layunin ng *Content Analysis* ay ang mailarawan lahat ng mga katangian at nilalaman ng mga dokumento sa pamamagitan ng pagsusuri kung sino ang nagsabi kung ano ang sinabi, at kung ano ang magiging epekto nito. Sa kabilang banda, ang *Thematic Analysis* naman ay madalas na nakikita bilang isang mahinang paraan na pagsusuri, dahil hindi ito kabilang sa mga kilalang paraan ng pagsusuri o metodo ng pagsusuri, hindi katulad sa paraan na ginagamit sa *Content Analysis*. Sa kabilang banda, ang *Thematic Analysis* naman ay madalas na nakikita bilang isang mahinang paraan na pagsusuri, dahil hindi ito kabilang sa mga kilalang paraan ng pagsusuri o metodo ng pagsusuri, hindi katulad sa paraan na ginagamit sa *Content Analysis*. Unang gagamitin ng mga mananaliksik ay ang Thematic Analysis at susundan naman ng Content Analysis.

Ang sumusunod ay ang nagsilbing hakbang ng mga mananaliksik sa pagsasagawa ng *Thematic analysis*.

Hakbang 1. Anyo ng politikal memes sa Twitter. Ito ang unang binigyang diin ng mga mananaliksik sa pagsusuri. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng check list sa pagtukoy sa anyo ng politikal memes. Ayon sa pag-aaral ni Milosavljević (2020), ang mga pumatok na anyo ng *internet memes* ay ang *Comic Meme*, *Entertainment Function Meme*, at *Parody Meme*, ito ang naging batayan ng pag-aaral upang pangkatin ang mga nakalap na *twitter memes*.

Hakbang 2. Uri ng politikal memes sa Twitter. Ito ang pangalawang binigyang diin ng mga mananaliksik sa pagsusuri. Ayon sa layunin ang mga uri ng politikal *twitter memes* ay kalimitang nakatuon sa uring *Pabatikos* at *Pasuporta*. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng check list sa pagtukoy sa uri ng politikal memes kung ito ba ay na aayon sa pasuporta o pabatikos.

Hakbang 3. Isyung politikal na nakapaloob sa mga memes sa twitter. Ito ang pangatlong binigyang-diin ng mga mananaliksik sa pagsusuri. Tinukoy ng mga mananaliksik ang iba't ibang isyu na nakapalob sa mga twitter posts.

Konsiderasyong Etikal - Sa bahaging ito inilahad ang pagtitiyak ng mananaliksik sa kapakanan ng mga nagbahagi ng post sa twitter.

Pagtataya sa Panganib at Pakinabang - Sinigurado ng mga mananaliksik na ang mga impormasyong ipinahayag gamit ang twitter o ang mga twitter memes na nakalap ay gagamitin ng mga mananaliksik para sa pang-akademikong layunin lamang. Sinigurado ng mga mananaliksik na hindi malalagay sa panganib ang buhay ng mga nagbahagi ng mga impormasyon sa twitter gamit ang tiiiter memes patungkol sa politika.

Pag-unawang Pangnilalaman at Dokumentaryong Hayag na Pahintulot:

- **Tunguhin.** Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang mga elemento ng politikal memes sa twitter at malaman ang mga isyung politikal na nakapaloob sa mga politikal twitter memes sa twitter
- **Dahilan ng imbitasyon.** Ang ibinahaging mga memes sa twitter ay nagsilbing instrumento ng pananaliksik upang matukoy ang mga elemento ng politikal twitter memes batay sa anyo at uri nito at malaman ang mga isyung politikal na nakapaloob sa mga politikal twitter memes na nagbigay linaw sa mga gumagamit ng twitter.

- **Pagpili sa mga twitter memes.** Ang mga twitter meme ay pinili batay sa sumusunod na kwalipikasyon: (a) ang memes ay makikita sa twitter, (b) ang memes ay tungkol sa politika, (c) nagtrending o pumatok sa araw ng ika-8 ng Pebrero hanggang Mayo 7, 2022. Sa pagkalap ng mga twitter memes kinilala ng mga mananaliksik ang pinagkunan ng mga ito.
- **Mga Hakbang.** Sa tulong ng *twitter* nakuha ng mga mananaliksik ang mga pumatok na politikal *twitter memes*. Sinuri kung ano ang elemento ng mga politikal *twitter memes* batay sa anyo at uri nito, nalaman din na ang mga isyung politikal na nakapaloob sa mga politikal *twitter memes*.
- **Banta.** Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagkalap at pagsuri sa mga politikal *twitter memes* na nangangahulugan sa pangangalap ng mga impormasyong makukuha lamang sa nasabing *social media platform*. Kaya, hindi magbibigay ng kapahamakan o mapapahamak ang mga nagbahagi ng mga politikal *twitter memes* dahil ang nilalaman lamang ng *twitter memes* ang kukunin ng mga mananaliksik.
- **Benepisyong Makukuha ng Lipunan.** Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang “Pagsusuri sa Daigdig ng Twitter: Isyung Politikal na Nakapaloob sa mga Memes.” Isa sa mga layunin nito ay ang matukoy ang mga isyung politikal sa mga memes, magkakaroon ng kamalayan ang mga taong gumagamit ng twitter patungkol sa mga nakalap na isyu, halimbawa isa sa nakalap na isyu ay ang diskriminasyon, magkakaroon ng ideya ang mga gumagamit ng twitter kung ano ang maaring maidulot ng diskriminasyon sa isang tao, magkakaroon din ng aksyon ang gobyerno o hakbang upang sugpuin at mabigyan ng kaakibat na parusa ang sino mang nanglailait sa isang tao.

3. Resulta ng Pagsusuri

Sa kabanatang ito makikita ang paglalahad, pagsusuri, at ang pagpapakahulugan ng mga datos. Tatalakayin sa bahaging ito ang mga resultang nakalap ng mga mananaliksik.

3.1 Anyo ng Politikal Internet Memes sa Twitter

Ang pag-aaral na ito ay Sa kabanatang ito makikita ang paglalahad, pagsusuri, at ang pagpapakahulugan ng mga datos. Tatalakayin sa bahaging ito ang mga resultang nakalap ng mga mananaliksik na naglalayong matukoy ang anyo ng mga isyung politikal sa twitter. Isa ang twitter sa mga *Social Media Platform* na ginagamit ng mga tao sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin. Nang pumatok ang internet mas lumaganap ang mga usaping politika na siyang napapanahon na paksa. Ayon kay Bagares (2019), ang politika ng Pilipinas ay gingawa sa pampanguluhan, pang-kinatawan, at demokratikong republika, kung saan ang pangulo ang pinuno ng estado at pamahalaang may iba’t ibang partido. Samakatuwid ang politika sa Pilipinas ay pinamumunuan ng pangulo at siya ang namamahala sa lahat ng ahensya ng gobyerno sa buong bansa. Nang sumapit ang halalan 2022, ang mga tumatakbo sa pagkapangulo ang siyang laging laman ng mga *internet post* na may kinalaman sa iba’t ibang mga isyu.

Ang mga *Internet post* o *memes* ay kinakikitaan ng iba’t ibang anyo na siyang umaakit sa mga mambabasa na basahin ang mga internet post o memes, ito ay pinapalooban ng mga larawan o mga salita. Ang anyo ay isa sa mga elemento ng pananaliksik at ito ay nakabatay sa ginawang pananaliksik ni Milosavljević (2020) na kung saan nakalagay sa kaniyang pananaliksik ang iba’t ibang anyo ng mga Internet memes. Isa ang Twitter sa mga naging kagamitan sa pagpapahayag ng mga tao ng kanilang hinaing patungkol sa mga politko sa pamamagitan ng pag-post ng mga internet memes.

Sa pangangalap ng datos ng mga mananaliksik ay nakakuha ng tatlong anyo ng twitter memes ito ay ang *Comic Meme*, *Entertainment Function Meme*, at ang *Parody Meme*.

Comic Meme. Ito ay isang anyo ng meme na ginagamitan ng mga larawan at salita upang maihatid o maisalaysay sa mga mambabasa ang nilalaman. Ayon kay Grainer (2004), sa kasaysayan ng *comic meme* ito ay

lagiang naglalaman ng mga nakatatawang larawan ngunit ang mga salitang ginagamit ay tagos sa puso ng mga mambabasa.

Ang mga *comic memes* na makikita ay naglalaman ng temang paninirang puri sa kapwa. Ipinakikita sa mga larawang ito ang mga paninira ng mga tao sa mga tumatakbo sa pagkapangulo ng Pilipinas. Katulad na lamang sa ikatlong larawan sinabi rito na “*Kung ang basura ay trash bakit mo inuugali*” ito ay nagpapahayag ng paninirang puri sa taong tumatakbo sa politika. Ayon pa nga sa sinabi ni Mauricio (2018), ang paninirang puri sa kapwa ay mayroong kaakibat na parusa ayon sa batas na ipinapatupad sa ating bansa. Dagdag pa ng The Asian Parent na inilathala ni Delas Alas (n.d.), isa sa mga pangkaraniwang resulta ng mga pag-aaway na humahantong sa korte ay ang pagkakaroon ng kaso ng paninirang puri.

Batay sa pagsusuri, lumalabas na ang paninira sa isang tao kagaya sa isang politiko ay may katumbas na parusa sa batas ng tao at sa batas ng Diyos na maaring maging dahilan upang mawalan ng mga kaibigan at humantong sa pagkakakulong.

Entertainment Function Meme. Ito ay isang anyo ng internet meme na gumagamit ng mga larawan ng tao, hayop, mga bagay at mga salita na makatutulong sa pagpapahayag ng nararamdaman. Ito ang kalimitang ginagamit ng mga tao sa pagpapahayag sa mga *Social Media Platform*, katulad ng twitter, layunin nitong aliwin ang mga mambabasa. Karagdagan, ayon kay Milosavljević (2020), ito ay ang pinakapapular na anyo ng memes na halos lahat ng tao na gumagamit ng iba’t ibang *Social Media Platform* ay nakikita ang ganitong anyo, ito rin ay naglalaman ng mga paksang may kinalaman sa adbortismo at politika.

Ang mga *entertainment function meme* na makikita ay naglalaman ng temang may kaugnayan sa respeto. Ipinakikita sa mga larawang ito ang pagkakaiba-iba sa pagpapakahulugan sa salitang respeto, makikita rito ang pagrespeto sa kapwa, sa opinion ng iba, at sa mga monumento ng mga naunang politiko. Hailimbawa nalamang sa sinabi ng isang *netizen* sa ikalawang larawan, “*Too much, ang bastos para takpan ang statue ni Mr. Ninoy. I’ll never respect BBM with his dogs.*” Ayon kay Roldan (n.d.), ang kawalan ng respeto ay maaaring sirain ang mga relasyon, kahit na ang mga tila itinatago sa loob ng maraming taon. Nagsisimulang mararamdaman ang isang tiyak na kahihyan sa kalooban at kung paano ang isang pakiramdam ng emosyonal na kawalang-katiyakan ay na aapektuhan ang iyong panloob pagkatapos makipag-ugnayan sa ibang tao. Ang respeto sa kapwa ay nagsisimula sa pagtanggap kung sino sila na walang halong masamang intensiyon. Karagdagan, kapag ang isang tao ay nagbibigay ng respeto, ito rin ay nagbibigay ng tiwala sa iba’ (Ki, 2020).

Batay sa naging resulta ng pagsusuri, ang respeto ay isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagkakaisa dahil sa pagtanggap sa mga politiko na walang halong masamang intensiyon. Sa kabilang banda, ang kawalan ng respeto ay maaring dahilan ng pagkasira ng isang relasyon, isang halimbawa na rito ay pagbabangayan ng mga tao dahil sa mga politiko at politikal na isyu.

Parody Meme. Ito ay maihahalintulad rin sa dalawang naunang anyo ng meme na kakikitaan ng mga larawan ng tao, comic karakter at mga salita ang pagkakaiba lang dito ang parody na anyo ng meme ay mas kalimitang ginagamitan ng ilang mga eksena sa pelikula at pinapalitan ang mga orihinal na binanggit ng ibang salita upang makapagbigay-aliw o impormasyon sa mga mambabasa.

Ang mga parody meme na makikita ay naglalaman ng temang panghuhusga. Ipinakikita sa mga larawan ang panghuhusga ng mga tao sa isang kandidato na tumatakbo sa pagka-pangulo. Ipinakikita rin sa mga larawan ang pangunguna ng magiging resulta ng eleksyon at hinuhusgahan agad ang mga kandidato para sa halalan 2022 kahit hindi pa alam ang kakayahan nito.

Halimbawa na lamang sa ikalawang larawan, nakalagay dito ang mga salita mula sa isang *netizen* na “*The best man for the job is a woman*”. Hinuhusgahan ng mga tao kung sino ang dapat na manalo sa halalan 2022. Ayon kay Vanilae (2013), ang panghuhusga ay hindi mabuting pag-uugali, dahil pinagsisinungalingan nito ang katotohanang ang lahat ay binibigyan ng diyos ng pagkakataong magbago, at ang lahat ay may sari-sariling

kakapusan kung sa politika hindi dapat husgahan kaagad ang isang kandidato para sa halalan. Dagdag pa ni Vanilae (2013), dapat din maunawaan na ang paghusga ay hindi masama sa kanyang sarili. Ito ay pagdedetermina kung ang isang bagay ay mabuti o masama. Ang bawat isa ay dapat humatol ng tama at pumili ng naayon sa kanilang puso na alam nilang makatutulong sa pagpapaunlad ng bayan.

Nakita sa pagsusuri na hindi dapat pinangungunahan o hinuhusgahan ang sarili ng iba o ang isang politikong nagnanais na maglingkod sa bayan dahil hindi malalaman ang tunay na kakayahan ng isang tao at hindi malalaman kung ano ang maaring magawa nito sa pagpapaunlad ng bansa. Kinakailangan na subukan muna at patunayan ang sarili ng tao at huwag husgahan kaagad. Hayaan na gawin nito ang kanyang mga plano o subukan muna ang kanyang kakayahan.

3.2 Uri ng politikal internet meme ayon sa layunin

Ang mundo ng internet ay naglalaman ng iba't ibang usapin, isyu, at marami pang iba katulad na lamang sa mga internet post. Ang mga internet post ay maaring makita sa kahit anong social media platform kagaya ng Twitter at Facebook. Ang mga internet post ay mas kilala bilang mga internet memes. Ang internet memes ay naglalaman ng iba't ibang uri upang maipabatid sa mga mambabasa o ang mga taong gumagamit ng social media katulad ng twitter. Kung ang anyo ay naglalarawan o tumutukoy sa hitsura ng memes at anong klase ng memes ang makikita sa internet, ang uri naman ay siyang tumutukoy sa nilalaman ng isang internet memes ipinapakita ng uri kung ano ang nilalaman na pahayag ng isang internet memes kagaya ng mga negatibong paglalarawan sa isang tao na minsan nagiging sanhi ng pagbabangayan ng mga ito.

Ang internet memes ay isa sa mga ginagamit ng mga tao upang maipahiwatig nito ang kanilang mga nararamadaman patungkol sa politika. Ang uri ng internet memes ay isa sa mga naging elemento ng pananaliksik na ito sapagkat tinutukoy ng mga mananaliksik kung anong uri ang kinaangkupan ng nasabing internet memes. Dahil sa ang pananaliksik na ito ay patungkol sa politika at sa halalan isa ang twitter sa mga naging lundayan ng mga tao sa pagpapahayag ng mga hinanaing gamit ang pagbuo ng internet memes, marami sa twitter ang nagbabahagi ng mga internet memes na nagalaman ng iba't ibang uri ng internet memes.

Ang mga karaniwang uri ng internet memes na nakalap ng mga mananaliksik na pumatok sa twitter ay ang internet memes na naglalaman ng temang *Pasuporta* at ang internet memes na may temang *Pabatikos*.

Pasuporta. Ang pasuporta ay isa sa mga uri ng mga internet memes o twitter memes, ito ay nagpapakita kung paano suportahan ng mga tao ang isang kandidato para sa halalan. Ipinakikita nito ang patuloy na pag-agapay ng mga tao sa mga kandidato o sa kanilang sinusuportahang politiko. Ayon pa nga kay Delos Reyes (2021), ngayong panahon ng halalan, pangkaraniwang maririnig natin ang pagsuporta ng isang tao sa isang personalidad o sa isang kandidato. Sinusuportahan ng mga sektor ng lipunan ang kandidatura ng kung sinong kandidato sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo kagaya sa pagpapagawa ng mga *tarpaulin*.

Ang mga pasuportang uri ng mga memes sa twitter ay naglalaman ng temang kayabangan. Ipinapakita rito ang mga pagyayabang ng mga taong sumusuporta sa isang politiko. Ang pagyayabang ay minsan nakasisira sa reputasyon para sa sarili, sinusuportahang politiko at maging sa binabatikos na kandidato. Katulad sa sinabi ng isang netizen sa unang larawan na "*Oh try nyo e cancel ang mag asawang ito sige nga! Mga belo Beuty dyan. Naku-naku kayo din*" pinagyayabang nito ang mag asawang Belo dahil sa pagsuporta kay BBM. Ayon pa nga kay Dholakia (2018), ayaw ng mga tao sa mga mayayabang. Nakikita ng marami ang mayabang bilang etikal at moral na hinala para sa iba. Marahil ay mas malala pa, minsan ang mayabang ay itinuturing na nagtataglay ng labis na pagmamataas ng sarili kahit na kumikilos para sa iba. Maaring kang batiin ng mga kakilala mo sa social media sa tuwing ikaw ay nagyayabang sa social media ngunit hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng negatibong puna para sa iyo. Taliwas naman ito sa ginawang pag-aaral nina Nault at Yap (2020), lumabas sa kanilang pag-aaral na ang mga kilalang tao na mayabang ay nagbibigay inspirasyon sa iba sa pamamagitan ng obserbasyon sa ibinabahaging performans na konektado sa impormasyong makatutulong upang maging matagumpay ang isang organisasyon.

Lumabas sa pagsusuri, hindi dapat ipagyabang ang sinusportahan politiko kahit na ang layunin ay makatulong sa kapwa upang makapili ng ibobotong politiko para sa pagkapangulo dahil marami parin ang magbibigay ng negatibong puna. Nakita rin sa pagsusuri na mas mabuting maging mapagkumbaba dahil mas marami ang matutuwa at magagalak sa iyong mga ginagawa na maaring maging dahilan upang gayahin o piliin ang sinusupportahang politiko.

Pabatikos. Ang pabatikos ay isa sa dalawang uri ng internet memes na nakalap ng mga mananaliksik. Ipinakikita ng uring ito ang pagkakaroon ng negatibong aspetong maaring makapanghina ng kalooban ng isang tao o indibidwal. Ito ay maaring magtulak sa isang tao na mawalan ng tiwala sa sarili. Ngunit ayon kay Villalobos (n.d.), ang pagbatikos ay hindi nangangahulugang galit ang nambabatikos sa kanyang binabatikos, kung malinis ang kanyang hangarin o layunin. Ang hindi maganda ay ang pagbatikos na ang dahilan ay mababaw lamang at pansarili tulad ng inggit.

Ang mga pabatikos na uri ng internet memes ay naglalaman ng temang pagnanakaw. Ang pagnanakaw ay isang masamang gawain sa mata ng tao at sa mata ng diyos dahil hindi maganda ang pagkuha ng mga bagay na hindi natin pagmamay-ari ito ay may kaakibat na parusa sa batas. Ito rin ay maaring maging sanhi ng pagkalugmok ng isang bansa kung ang manunungkulan sa gobyerno ay magnanakaw. Halimbawa nalamang sa unang larawan may isang netizen na nag-post na “*Ang utak ni leni ay parang wallet ko, may laman ba wallet ko? Wala.*” May nagkomento naman sa post niya ng “*nakay BBM laman ng wallet mo mi*”. Ipinahihiwatig ng nagkomento na si BBM ang kumuha ng pera nito. Ayon pa nga kay Huang (2014), tuwing numanakaw ang gobyerno ng pera, ang Pilipinas ay mas lalong humihirap. Mahihirapan ang publiko lalo na ang mahihirap upang makapag-aral at marami ang mahihirapan sa paghahanap ng trabaho dahil hindi sila nakapagtapos sa pag-aaral. Malaki ang magiging epekto nito sa bayan kung ang namumuno ay hindi maganda ang pamamalakad. Dagdag pa nga ni Lachica (N.d.), ang korapsyon ay ang ginagawang pagnanakaw sa kaban ng bayan ng mga taong ganid na nakaposisyon sa ating lipunan. Ito ay isang hamon na noon paman ay di pa nasosolusyunan.

Batay sa pagsusuri, lumalabas na ang pagnanakaw ng isang politiko ay maaring maging sanhi ng paglubog ng isang bansa kung ang namumuno ay mahilig kumuha sa kaban ng bayan para sa kanyang pansariling kapakanan. Lumalabas din na ang pagnanakaw ay isang hamon na matagal nang hindi nasosolusyunan.

3.3 *Iba't Ibang Isyung Politikal Na Makikita Sa Mga Memes*

Ang isyu ay isa sa mga nagiging sanhi na pagpapalitan ng opinyon o ideya, dito nagpapalitan ng mga ideya ang mga tao na hindi pareho ang pagpapakahulugan sa isang isyu. Sa panahon ng halalan ang mga isyu na nakapaloob ay patungkol sa mga politikong may tinatagong sekreto o may tinatakpan na kasalanan na mas kilala bilang isyung politikal. Ayon kay Lomboy (2021), maraming pangyayari sa Pilipinas ang nananatiling nakatago. Makikita na nakakubli sa bawat sulok ng bansa ang mga isyung panlipunan na nararapat lamang na pagtuunan ng pansin. Lumalabas na may iba't ibang boses ng paghihirap, paninikil, pagpatay, diskriminasyon, hustisya, korapsyon, pangangamkam, at iba pang uri ng pang-aabuso sa karapatang-pantao.

Ang isyung politikal ay ang mga isyung kinasasangkutan ng mga politiko. Sa kasalukuyan, ang mga isyung politikal na namamayagpag ay patungkol sa mga korapsyong nagaganap sa isang bansa at ang mga anumalyang lumalabas tungkol sa pagkatao ng mga politiko. Ang isyung politikal ay hindi nawawala lalo na kung malapit na ang halalan dahil hinahalungkat ng isang partido ang tinatagong sekreto ng isa pang partido.

Sa pangangalap ng datos ng mga mananaliksik nakita sa mga internet memes ang iba't ibang isyung politikal na nakapaloob sa mga internet memes ito ay ang isyung patungkol sa *Pag-uugali ng mga tao, Istilo ng pakikipagkapwa-tao, Diskriminasyon, at Kakayahan ng isang tao sa paggawa ng batas.*

Isyu Patungkol sa Pag-uugali ng mga tao. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang pag-uugali may mabait at mayroon namang may halong kasamaan yung tipong gagawin ang lahat upang masiraan lamang ang kapwa tao. Sa kabilang marami parin naman ang mga taong may busilak na puso na handang tumulong sa mga

nangangailangan. Hindi na bago sa lipunan ang ganitong pangyayari dahil na rin sa paglaganap ng internet dito nagaganap o nakikita ang mga pag-uugali ng karamihan mas madalas makita ang mga paninira sa pamamagitan nang paggamit ng social media platform.

Makikita sa mga larawan ng mga internet memes ang mga isyu patungkol sa mga pag-uugali ng mga tao na may kaugnayan sa politika. Mapapansin sa mga larawan ang iba't ibang pag-uugali mayroon patungkol sa pagkayamot, pagmamalaki, at pagmamalinis ng mga ordinaryong tao at mga politiko. Ang mga pag-uugaling ito ay ilan lamang sa mga pag-uugaling mayroon ang mga tao ang mga ito ay maaring makatulong o makasira ng pagasasama ng mga tao sa isang lipunan. Makikita sa ikatlong larawan ang pinost ng isang *netizen* na “*There, fixed. #NagmamaLenis*” ipinakikita rito ang isang ugali ng tao na pagmamalinis. Ayon kay Davison (2012), ang pag-uugali ng isang tao ay naka-ugat sa kanyang kultura. Ang mga memes ay maaaring gamitin sa pagtukoy sa pag-uugali ng isang indibidwal dahil naging parte na ito ng kultura ng mga tao. Maaring ito’y matutunan o malaman sa pamamagitan ng mga sariling karanasan at impluwensya ng ibang tao.

Ang pag-uugali ng tao ay nahuhubog sa patuloy na paggamit ng mga *Social Media Platform* dahil hindi makontrol ng mga tao ang kanilang mga emosyon na at hindi namamlayang may mga pag-uugali nang nagagaya ang iba dahil sa kanilang mga nakita, katulad na lamang sa sinabi ni Blackmore (2000), naiimpluwensiyahan ng memes ang pag-uugali ng mga tao. Ang meme ay isang ideya, pag-uugali, o istilo, na lumalaganap at nagmula sa isang tao patungo sa iba, maging sa kultura nito.

Batay sa pagsusuri, lumalabas na ang pag-uugali ng isang tao ay naka-ugat sa kanyang kultura. Lumalabas na ang memes ay maaring gamitin sa pagtukoy sa pag-uugali ng isang indibidwal dahil naging parte na ito ng kultura ng tao lalo na sa panahon ng halalan na kung saan ang memes ay isa sa mga paraan ng tao sa pagpapahayag ng kanilang damdamin patungkol sa mga isyung politikal na pumatok sa twitter at marami pang ibang Social Media Platform.

Isyu Patungkol sa Pagkakaiba-iba ng Politikal na Pananaw. Ang pagkakaiba-iba ng politikal na pananaw ay nagiging sanhi ng pagbabangayan sa loob at labas ng iba't ibang *Social Media Platform* dahil sa hindi maiiwasan na makasasalubong ng mga taong may iba't ibang pananaw sa politika na nagiging rason upang hindi maging madali sa pakikipagkapwa.

Ang mga larawan ay naglalaman ng mga isyung politikal na konektado sa pakikipagkapwa-tao. Marami ang paraan upang maging matagumpay ang pakikisama o pakikipagkapwa narito ang respeto at pagkakaisa. Sa tulong ng dalawang ito ang bawat isa ay magkakaroon ng maganda at maayos na pagsasama at makabubuo ng magandang resulta sa ginawa. Ang pakikipagkapwa ay likas na sa mga Pilipino. Isa rin sa pakikipagkapwa ay ang panghihikayat katulad nalamang sa makikita sa ikatlong larawan na nagsasabing “*Its not too LEYTe to switch to Leni.*” Hinihikayat nito ang mga mambabasang taga Leyte na sumuporta sa isang kandidato sa pagkapangulo. Ayon kay Verdejo (n.d), malimit isipin na ang pakikipagbarkada ay nakaka-lihis ng landas. Malimit na itong naiuugnay sa mga masasamang gawain tulad na lamang sa pagkakalulong sa bisyo, pagiging rebelding anak, pagiging marahas at kung ano-ano pa.

Batay sa pagsusuri, lumalabas na ang pagkakaiba-iba ng politikal na pananaw ay nakasisira sa pakikipagkapwa-tao katulad sa pagkakaiba-iba ng sinusuporatahang politiko. Sa kabilang banda lumalabas din sa pagsusuri na minsan ay nagkakaroon ng masamang epekto ang labis na pakikipagkapwa dahil sa may mga taong nanghihikayat na gumawa ng masamang gawain na labis na nakaapekto sa buhay ng tao.

Isyu Patungkol sa Diskriminasyon. Marami sa atin ang nakakaranas ng diskriminasyon, krisis, at iba pang pangyayaring nagiging sanhi ng kawalan ng tiwala sa sarili. Hindi lang ito ang mga pangyayaring maaring makaapekto sa buhay ng isang tao nariyan din ang mga pangyayaring kinasasangkutan ng mga taong nanunugkulan sa gobyerno na kung saan ninanakaw nila ang kaban ng bayan na nagiging sanhi ng malaking epekto nito sa taong bayan bagama't hindi ang taong bayan ang gumawa labis na nakaapekto ito sa nakararami lalo na sa mga mahihirap.

Ang mga larawan ng internet memes na makikita ay naglalaman ng isyung politikal patungkol sa mga diskriminasyon at ito ang mga isyung politikal na patungkol sa kaanyuan, krisis, at ang pagnanakaw ito ay ilan lamang sa mga pangyayaring labis na nakaaapekto sa buhay ng tao at nagiging dahilan ng kawalan ng tiwala sa sarili at sa mga taong namamahala sa gobyerno. Katulad nalamang sa ikalawang larawan na naglalaman ng diskriminasyon sa kaanyuan sinabi ng isang *netizen* sa isang post “*bruh I can't stop thinking about dick Gordon as the penguin I watch the batman HAHAAAAHA so I decided to edit one HAHAAAAHA.*” Ayon pa nga sa Ontario Human Rights Commission (n.d.), ang bawat tao ay may karapatang maging malaya sa diskriminasyon dahil sa lahi at panliligalig. Hindi dapat tratuhin nang naiiba dahil sa lahi o iba pang dahilan, tulad ng iyong mga ninuno, kulay, lugar na pinanggalingan, etnikong pinanggalingan, mamamayan, at paniniwala.

Dagdag ni Matining (2019), sa ilalalim ng Senate Bill #41 o an “Act Prohibiting Discrimination on the basis of Sexual Orientation or Gender Identity or Expression (SOGIE)”, bibigyan ng proteksiyon ang mga transgender women at iba pang miyembro ng LGBT mula sa anumang uri ng pamamahiya dahil sa kanilang kasarian, tulad na lang ng paggamit sa pampulitikong palikuran.

Batay sa pagsusuri, ang bawat tao ay may karapatan na maging malaya sa diskriminasyon at hindi dapat tratuhin ng nang naiiba dahil sa iyong lahi o iba pang dahilan, tulad ng iyong mga ninuno, kulay, lugar na pinanggalingan, etnikong pinanggalingan, mamamayan, at paniniwala at sinusuportahang politiko para sa pagkapangulo. Lumabas rin sa pagsusuri na may isang batas na nagprotektang sa bawat tao kagaya ng Senate Bill #41 o mas kilala bilang SOGIE Bill.

Isyu patungkol sa kakayahan ng isang tao na mamuno. Sa panahon ngayon marami sa lipunan ang madaling manghugsa at hindi muna sinusubukan ang isang taong naghahangad na paglingkuran ang bayan, bagkos ito ay pinangungunahan ng hugsa sa kadahilanang ito ay isang babae, artista, hindi kilalang tao, at kakulangan ng kaalaman. Maaari namang subukan ang kakayahan ng kahit sinoman o maging ano paman ang kanyang kasarian mapa lalaki, babae, bakla, o lesbian man.

Ang mga internet memes na makikita ay naglalaman ng isyung politikal patungkol sa kakayahan ng isang tao o mamamayan na nagnanais na maginkod sa bayan. Lahat ng tao ay may karapatan na paglingkuran ang sarili nitong bayan ngunit ang ibang nagnanais na maglinkod ay hinuhusagahan kaagad at hindi sinusubukan ang kakayahan nito. Ang bawat tao ay may iba't ibang ideya para sa pagpapalaganap ng kaayusan ng bayan mapa lalaki, babae, artista, at mga ordinaryong mamamayan man yan. Makikita sa ikalawang larawan na naglalaman ng mga salita tungkol sa kakayahan ng isang babae, sinabi sa larawan na “*Women are too weak and emotional to be leader.*” Ayon kay Alo (2021), sa ating modernong panahon at pamumuhay ngayon, utay-utay nang nakikita ang pakikipagsabayan ng mga kababaihan sa mga ginagawa ng kalalakihan, tumutukoy sa pagpapakita na kaya ring gawin ng babae ang mga gingawa ng mga lalaki.

Karagdagan, ayon sa Artikulo VII, Seksyon 2 ng 1987 Konstitusyon, walang nakasaad na hindi dapat tumakbo sa pagka-pangulo ang isang babae. Ayon sa konstitusyon, maaaring maging pangulo ang isang tao kung maabot nito ang mga pamantayan na katulad sa likas na ipinanganak na Pilipino, rehistradong botante, nakababasa at nakasusulat, 40 taong gulang sa araw ng halalan, at nakapanirahan sa bansa nang sampung taon bago ang halalan.

Batay sa pagsusuri, lumalabas na walang batas na nagsasaad na lalaki lang ang maaring tumakbo sa pagkapangulo o sa halalan. Lumabas na kapag nasunod ang mga pamantayan para sa pagtakbo ay ang lahat ay pinahihintulutan na tumakbo sa pagkapangulo.

4. Lagom

Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang “Pagsusuri sa Daigdig ng Twitter: Isyung Politikal na Nakapaloob sa Mga Memes.” Layunin ng pag-aaral na matukoy ang elemento ng mga twitter memes batay sa anyo at uri, at ang matukoy ang mga isyung politikal na nakapaloob sa mga memes sa twitter. Ang mga teoryang

naging saligan ng pag-aaral ay ang *Information Manipulation Theory* at ang *Functional Group Communication Theory*. Ang pag-aaral ay isinagawa ayon sa disenyo ng *Content Analysis*, na naglalayong malaman o masuri ang iba't ibang memes sa twitter tungkol sa mga isyung politikal. Sa tritment ng datos gumamit ang mga mananaliksik ng *Thematic Analysis* bago magsagawa ng *Content Analysis*.

Lumabas sa pagsusuri na may tatlong anyo ng poitikal twitter memes ito ang anyong *Comic Meme*, *Entertainment Function Meme*, at ang *Parody Meme*. Batay rin sa pagsusuri may dalawang uri ng politikal twitter memes ito ang *Pasuporta* at *Pabatikos*. Sa ikalawang layunin ng pag-aaral, lumabas sa pagsusuri na may apat na isyung politikal na nakapaloob sa mga politikal twitter memes ito ay ang isyu patungkol sa pag-uugali ng mga tao, pagkakaiba-iba ng politikal na pananaw, diskriminasyon at kakayahan ng isang tao.

Sa kabuuan lumalabas na ang bawat anyo ay may iba't ibang tema katulad sa *Comic Meme* na may temang paninirang puri sa kapwa, *Entertainment Function Meme* na may temang may kauganayan sa respeto at ang *Parody Meme* na may temang pagnanakaw. Ang mga isyung nakapaloob sa politikal twitter memes ay ang ang isyu patungkol sa pag-uugali ng mga tao, pagkakaiba-iba ng politikal na pananaw, diskriminasyon at kakayahan ng isang tao.

5. Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon - Sa natuklasang mga resulta ng pananaliksik, nakabuo ang mga mananaliksik ng sumusunod na konklusyon:

- Ang elemento ng mga politikal twitter memes ay binubuo ng tatlong anyo tulad ng *Comic Character Meme*, *Entertainment Function Meme*, at *Parody Meme* at dalawang uri ng politikal twitter memes tulad ng *Pasuporta* at *Pabatikos*.
- Nakapaloob sa mga nakalap na mga politikal twitter memes ang mga isyu *patungkol sa pag-uugali ng tao*, *patungkol sa Pagkakaiba-iba ng politikal na pananaw*, *patungkol sa diskriminasyon at patungkol sa kakayahan ng isang tao na mamuno*.

Rekomendasyon - Batay sa resulta at kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

- Gumawa ng panibagong pag-aaral sa twitter na may kaugnayan sa ibang elemento na nakapaloob sa mga internet memes. Tukuyin ang panibagong paksa na nakapaloob sa mga twitter memes maliban sa mga isyung politikal.
- Gamitin ang social media platform tulad ng twitter para sa pagtugon sa iba't ibang usaping panlipunan tulad ng diskriminasyon. Magsagawa ng mga programa na nakapokus sa pagpapaunlad ng gamit ng twitter bilang repleksyon ng iba't ibang balyus ng tao.

Iba pang Rekomendasyon:

- Sa mga guro, turuan ang mga mag-aaral ng wastong paggamit ng mga *social media platform* katulad sa tamang paggamit o pamamahagi ng mga impormasyon;
- Sa mga magulang, gabayan ang mga anak sa paggamit ng twitter at pagsabihan kung ano ang nararapat gawin sa paggamit nito;
- Sa mga gumagamit ng twitter, suriin nang mabuti ang mga impormasyon na nakikita sa twitter at gumamit ng mga salitang hindi makasisira ng sariling reputasyon at reputasyon ng ibang gumagamit nito.

6. Bibliyograpiya

- Ahmad, T., Alvi, A., & Ittefaq, M. (2019). The use of social media on political participation among university students: An analysis of survey results from rural Pakistan. *Sage Open*, 9(3), 2158244019864484.
- Akram, U., Irvine, K., Allen, S. F., Stevenson, J. C., Ellis, J. G., & Drabble, J. (2021). Internet memes related to the COVID-19 pandemic as a potential coping mechanism for anxiety. *Scientific Reports*, 11(1), 1-8.
- Al-Saggaf, Y., Utz, S., Lin, R. (2016). Expressing feelings on twitter and network size. *Research Gate*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3IRFixu>
- Alo, J. (2021). Mga kababaihan sa lipunan. *Stodocu*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PwH6xV>
- Appolethea. (2012). Repleksyon: mga sosyo-pulitikal na isyu sa lipunan. *Wordpress*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3uT2C80>
- Arao, D. (2016). Social media at halalan. *Rising sun*. Sinipi sa: <https://risingsun.dannyarao.com/2016/05/19/social-media-at-halalan/>
- Bagares, R. (2016). Pulitika at Media. *Philippines.mom-rsf*. Sinipi sa: <https://philippines.mom-rsf.org/fil/konteksto/politika/>
- Blackmore. (2000). Impluwensya ng mga internet memes sa komunikasyong pasalita ng mga mag-aaral. *Prezi*. Sinipi sa: <https://prezi.com/p/bu45qcfukpc6/fil-defense/>
- Conaco, M. C., & Quiñones, D. M. (November, 2015). Ang antas ng politikal na pagkilos bilang epekto ng sosyal na identidad pilipino, ng mga representasyon tungkol sa demokratikong pagkamamamayan at pulitikal na bisa. *ReseachGate*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3OiYg0W>
- Davison. (2012). Impluwensya ng mga internet memes sa komunikasyong pasalita ng mga mag-aaral. *Prezi*. Sinipi sa: <https://prezi.com/p/bu45qcfukpc6/fil-defense/>
- Delas Alas. (n.d). Kaso sa paninirang puri. *The Asian Parent*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3RCm5Um>
- Delos Reyes, J. (2021). *Suporta*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3IHRu3M>
- Dholakia, U. (2018). When bragging on socialmedia Can Be a Good Thing. *Psychology Today*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3ATbXAN>
- Grainer, T. (2004). Komiks. *Wikipedia*. Sinipi sa: <https://tl.m.wikipedia.org/wiki/Komiks>
- Gustafson, N. (1984). Content analysis in the history class. *Taylor & Francis Online*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PtqTa>
- Hamdi, K. (2020). The difference between facebook, twitter, linkedin, youtube, & pinteres. *IMPACT*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3aIfSFJ>
- Huang, M. (2014). Ang epekto ng pagnanakaw. *Wordpress*. Sinipi sa: <https://miguelhuang9g15cle.wordpress.com/2014/12/12/ang-epekto-ng-pagnanakaw/>
- Jento. (2016). Social media at wikang pambansa. *Wordpress*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3uTWXPd>
- Ki. (2020). Bakit mahalaga ang respeto sa kapwa at sarili. *Newspaper*. Sinipi sa: <https://newspaper.ph/2020/12/bakit-mahalaga-ang-respeto-sa-kapwa-at-sa-sarili-sagot/>
- Kien, G. (2013). Media memes and prosumerist ethics: Notes toward a theoretical examination of memetic audience behavior. *Cultural Studies? Critical Methodologies*, 13(6), 554-561.
- Kulkarni, K. (2017). *Internet memes and politcal discourse: A Study on the impact of internet memes as a tool in communicating political satire*. Amity University Noida. Sinipi sa: <https://bit.ly/3z9gMEL>
- Lachica, R. (n.d.). Korupsyon sanhi ng kahirapan. *Stodocu*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3zdZt5e>
- Lomas, N. (2019). *Voter manipulation on social media now a global problem, report finds*. Sinipi sa: <https://trn.ch/3ILsg4D>
- Lombay, J. (2021). [new school] panitikan ng pilipinas: salamin ng isyu ng lipunan. *Rappler*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3cjZxrg>
- Maclean, F., Jones, D., Carin-Ley, G., & Hunter, H. (2013). Understanding twitter. *ResearchGate*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3ATJLh9>
- Matanguihan, N. V. Y., Magsino, K. M., Fajnilan, N., Obrador, L. J., Noche, A., Omales, M. R., Maulion, D., Bitang, J. R., & De Claro, V. J. (N.d.). Epekto ng Internet Memes. *Scribd*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3AUCxta>

- Matinig, D. (2019). Parusa sa Diskriminasyon laban sa mga LGBT, pinalawak pa. *AbanteTnt*. Sinipi sa: <https://tnt.abante.com.ph/parusa-sa-diskriminasyon-laban-sa-mga-lgbt-pinalawak-pa/>
- Mauricio, B. (2018). Dalawang uri ng paninirang puri sa rp. *Panay News*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PfraAq>
- McCornack, S. A. (1992). Information manipulation theory. *Communications Monographs*, 59(1), 1-16.
- Mendoza, R., Beja, E., Venida, V., & Yap, D.B. (2012). Inequality in Democracy: Insights from an empirical analysis of political dynasties in the 15th Philippine. *Tondfonline*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3zcheSJ>
- Milosavljević, I. (2020). The phenomnon of the internet memes as a manifestation of visual society – research of the most common types. *ResearchGate*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3Py6u6n>
- Moussa, M. B., Benmessaoud, S., & Douai, A. (2020). Internet memes as “tactical” social action: A multimodal critical discourse analysis approach. *International Journal of Communication*, 14, 21.
- Muthmainnah, Aeni, N., Galal, M., Varghese, K. J., Castillo, F. D., & Ghofur, A. (2021). The Students’ Needs in Developing EFL Materials ICT Based. *Okara: Jurnal Bahasa Dan Sastra*, 15(2), 235–247. <https://doi.org/10.19105/ojbs.v15i2.4679>
- Nault, K., & Yap, A. J. (2020). From boasting to boosting: Positive consequences for observers of high-rank braggarts. In *Academy of Management Proceedings* (Vol. 2020, No. 1, p. 18647). Briarcliff Manor, NY 10510: Academy of Management.
- Nieuburt, J. T. (2021). Internet memes: leaflet propaganda of the digital age. *Frontiers*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PiWNJm>
- Official Gazette. (n.d.). Ang ehekutibong sangay. *Official Gazette*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3clEgO2>
- Ontario Human Rights Commission. (n.d.). Freedom from Discrimination. *OHRC*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3c9ItmI>
- Palmer, J. (2018). Social media, perspective taking, and the lack of meaningful conversation. *Student 4 Social Change*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3RFBDGY>
- Patinio, F. (2021). Certificate of candidacy filing for 2022 polls set Oct. 1-8. *Philippine News Agency*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3AWdUMB>
- Pedroche, A. (2018). Fake News. *Philstar*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3RI0qKi>
- Roldan, M. J. (n.d.). Ano ang kawalang galang. *Kayamanan de SelfHelp*. Sinipi sa: <https://www.recursosdeautoayuda.com/tl/paggalang/>
- Salazar, A. (2009). Functional group communication theory. Edge.sagepub. Sinipi sa: <https://bit.ly/3o7G1kj>
- Schuster, J., & Kolleck, N. (2020, October). The global diffusion of social innovations—an analysis of twitter communication networks related to inclusive education. In *Frontiers in Education* (Vol. 5, p. 492010). Frontiers Media SA.
- Tovera, J.J. (2018). Satirika sa social media: analisis ng political internet meme culture sa pilipinas. *Academia*. Sinipi sa: https://www.academia.edu/38562544/Satirika_sa_Social_Media
- Twitter. (n.d.). Undersatanding how twitter handles offesive or explicit tweets. *Twitter*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3PFhlpK>
- Uy, A. (2021). Philippine politics at a crossroad. *The Asean Post*. Sinipi sa: <https://theaseanpost.com/article/philippine-politics-crossroads>
- Vaismoradi, M., & Turunen, H. (2013). Content analysis and thematic analysis: implications for conducting a qualitative descriptive study. *Online Library*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3RFmYLV>
- Vanilae. (2013). Panghuhusga. *Wordpress*. Sinipi sa: <https://sicar.wordpress.com/2013/09/06/panghuhusga/>
- Vilmer, J. B., Escorcias, A., & Guillaume, M. (2018). Information manipulation: a challenge for our democracies. *Diplomatie*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3yMicDH>
- Verdejo, L. (n.d.). Ano ang masamang epekto ng pakikipagbarakada. *Scribd*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3oav0Po>
- Villalobos, A. (n.d.). Ang Pagbatikos. *Penpowersong*. Sinipi sa: <https://penpowersong.wordpress.com/2015/05/26/ang-pagbatikos/>
- Waterloo, S., Susanne, E., Baumgartne, & Valkenburg, P. (2016). Norms of online expressios of emotion: comparing Facebook, Twitter, Instagram, and whatsapp. *Sage Publication*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3AWec69>
- Wordpress. (2016). Ang Pag-usbong ng teknolohiya kasabay ang pagbabago ng wika. *Wordpress*. Sinipi sa: <https://bit.ly/3o7YIE>
-